Tanong	Sagot	Probisyong Nagpapatunay ng Sagot
c. Ano ang mga katangian ng bansang Pilipinas? Ipaliwanag ang mga ito sa sariling salita. Maaaring magbigay ng halimbawa.		
d. Ano ang ibig sabihin ng karapatan?		
e. Dalawa ang uri ng karapatan: karapatan ng tao at ng lipunan o bansa. Magbigay ng tatlong halimbawa karapatan ng tao.		
f. Magbigay ng tatlong halimbawa karapatan ng lipunan o bansa.		
g. Base sa Konstitusyon ng Malolos, ano ang ibig sabihin ng kalayaan?		

Ano ang kahalagahan ng Saligang Batas? Bakit ito kailangan?

3. Talakayin sa klase ang mga sagot ng grupo.

4. Ikumpara ang kahulugan ng kalayaan mula sa mga primaryang sangguniang sinuri sa modyul na ito. Gumawa ng buod sa sariling salita.

Pag-ibig sa Tinubiang Lupa	Mga Aral ng Katipunan	Deklarasyon ng Kalayaan	Saligang Batas ng Malolos

Transisyon sa Susunod na Modyul

Dito nagtatapos ang ikalawang markahan, simula sa mga pag-aalsa laban sa Espanya hanggang sa himagsikan noong 1896. Sa ikatlong markahan pag-aaralan ang susunod na kabanata sa kasaysayang Pilipino, mula sa digmaan ng Pilipinas laban sa Estados Unidos hanggang sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig at ang pagtatag ng Republika ng Pilipinas noong 1946.